


# 2<sup>ND</sup> PHILIPPINE LINGUISTICS CONGRESS

1980



PROCEEDINGS

Proceedings of the  
**2<sup>ND</sup> PHILIPPINE LINGUISTICS  
CONGRESS**  
1980

---

**Copyright Notice**

The copyright of all articles published in the PLC conference proceedings remains with the authors, i.e. authors retain full ownership of their article. The views reflected by the authors in the conference proceedings do not necessarily reflect the views of the publisher, editors, and conveners.

Access to the papers uploaded is free on the condition that proper attribution is given.

*Recommended entry:*

[Author]. (1980). "Title of Paper". In *Proceedings of the 2nd Philippine Linguistics Congress*. Quezon City: University of the Philippines Department of Linguistics. Accessed [Date] at the UP Department of Linguistics website: [link].

For more information, please refer to the Acceptable Use Policy of the University of the Philippines.

---

Department of Linguistics  
Palma Hall  
Quirino Avenue  
University of the Philippines  
Diliman, Quezon City 1101  
Philippines

<https://linguistics.upd.edu.ph/>

[linguistics.upd@up.edu.ph](mailto:linguistics.upd@up.edu.ph)



# ANG FILIPINO AT MGA WIKANG KATUTUBO SA PALAWAN

ERLINDA D SAN JUAN  
Paaralang Gradwado  
Palawan State College

## Panimula

Para sa turista, ang Palawan ay isang paraiso; sa linggwista, ito ay isang malaking laboratoryong pangwika. Paraiso ang lalawigan sapagkat ito ay binubuo ng 1,777 pulo na may mapuputing buhangin at malilinis na dagat at dalampasigan, maaliwalas na kapaligiran, sariwang hangin, iba't ibang uri ng hayop at ibon na malayang gumagala sa malawak at luntiang gubat, at higit sa lahat, mababait at tahimik na mga mamamayan. Malaking laboratoryong pangwika sapagkat 52 wika ang sinasalita ng mga naninirahan doon mula sa iba't ibang panig ng Pilipinas.

Ang Palawan ay binubuo ng dalawampu't isang bayan at isang pangunahing daungan at punumbayan na siyang kapital ng lalawigan; ang lunsod ng Puerto Princesa. Sa hilaga ng Puerto Princesa ay ang pangkat Calamian (Busuanga at Coron na may layong 212 at 195 milya) at Magsaysay (170 milya mula sa PPC); sa silangan, ang Agutaya (183 milya) at Cagayancillo (175 milya); at sa hilagang-silangan, ang Cuyo (156 milya). Ang mga nabanggit ay mga pulong-bayan. Bilang karagdagan sa mga nauna ay ang Dumaran (hilaga), Araceli (silangan) at Balabac (timog). Ang iba pang mga bayan ay nasa kapatagan kasama ng Puerto Princesa.

Kailangang banggitin sa papel na ito ang mga pulong-bayan sapagkat sa mga lugar na yaon ay may mga natatanging wika ang mga naninirahan doon. Sa Cuyo halimbawa ay may wikang katutubong tinatawag na Cuyonon; sa Cagayancillo, ang Cagayanon; sa Agutaya, Agutaynon; Coron at Busuanga, ang Calamian Tagbanua.

Ayon sa 1980 Sensus, sa mga wikang ginagamit sa mga bahay sa Palawan, Tagalog ang nangunguna; sumusunod ang Cuyonon, Palawan o Pinalawan, Hiligaynon, Tagbanua, Cebuano, Ilokano, Cagayanon, Agutaynon, atbp.

Lumalabas na ang Tagalog at Cuyonon ang dalawang pinakamalaking pangkat-wika. Sa bayan o sentro, nakalalamang ang mga Tagalog; ngunit sa mga baryo, Cuyonon ang siyang nangunguna.

## Pangkat Ng Mga Wika Sa Lalawigan

Ang mga wika sa Palawan ay mapapangkat sa dalawa: katutubo at di-katutubo. Ayon kay McFarland, sa pangkat katutubo ay kabilang ang Calamian, Agutaynon, Batak, Tagbanua, Palawan at Molbog. Ang unang dalawa (Calamian at Agutaynon), ang pangkat hilaga; at ang huling apat (Batak, Tagbanua, Palawan at Molbog), ang pangkat timog. Ang Cuyonon at Cagayanon, bagaman hindi ibinilang ni McFarland bilang katutubo ay dapat mapabilang kung ang pinagmulan ang pag-uusapan. Ang Cuyonon ay mula sa Cuyo (Ito ay ikinlasipika bilang kanluraning Bisaya.) samantalang ang Cagayanon (hilagang Manobo) ay mula sa Cagayancillo.

Ang mga <sup>wikang</sup> di-katutubo <sup>ay</sup> marami at talagang iba-iba. Nangunguna rito ang Tagalog, sinusundan ng Ilongo, Cebuano, Ilokano, Waray atbp. kasama ang marami pang ibang maliliit na pangkat ng mga wika. May kumakatawan sa halos lahat na mga wika na maaaring maisip ninyo sa pook.



## Ang Mga Wikang Katutubo

Sa mga pangkat-katutubo, Cuyonon ang may pinakamalakas na impluwensiya. Ito ay ginagamit sa lahat ng panig ng Palawan.

Naito ang tala ng mga wikang katutubo at kung saan-saang pook sa Palawan ito ginagamit (batay sa 1980 Sensus).

Cuyonon - Ginagamit sa pakikipagtalastasan sa Aborlan, Agutaya, Araceli, Balabac, Batarasa, Brooke's Point, Coron, Cuyo, Dumarán, El Nido, Linapacan, Magsaysay, Narra, Puerto Princesa, Quezon, Roxas, San Vicente, Taytay at Kalayaan.

Pinalawan - Ginagamit sa Aborlan, Balabac, Batarasa, Brooke's Point, Narra, Puerto Princesa at Quezon.

Palawenio - Ginagamit sa Batarasa, Brooke's Point, El Nido, Puerto Princesa at Quezon.

Tagbanua - Ginagamit sa Aborlan, Brooke's Point, Busuanga, Coron, El Nido, Linapacan, Narra, Puerto Princesa, Quezon, San Vicente at Taytay.

Cagayanon - Ginagamit sa Aborlan, Batarasa, Brooke's Point, Cagayancillo, Coron, El Nido, Narra, Puerto Princesa, Quezon, Roxas at San Vicente.

Agutayhon - Ginagamit sa Agutaya, Brooke's Point, Coron, Dumarán, Linapacan, Puerto Princesa, Quezon, Roxas, San Vicente at Taytay.

Calamian - Ginagamit sa Busuanga at Coron.

Batak - Wikang ginagamit sa Batarasa, Puerto Princesa at Roxas.

Molbog - Ginagamit sa Balabac, Batarasa at Quezon.

## Katangian Ng Mga Wika

Bawat wika ay may kakanyahan. Ang Cuyonon bilang wikang katutubo ay may katangiang ikinaiiba nito sa Palawan, Tagbanua, Agutaynon, Cagayanon, Calamian at Batak bagaman marami ring mababanggit na pagkakatulad ng mga ito. Marahil ito ay sa dahilang ang mga wikang nabanggit ay ginagamit sa magkakalapit na lugar. Naito ang mga kapuna-puna.

1. Marami sa mga salitang katutubo ang magkakaugat. Halimbawa: ang tanim ay tanem sa Cuyonon at Cagayanon, luwak sa Agutaynon, limwak sa Tagbanua at loak sa Calamian at Palawan. Ang kidlat naman ay kilat sa Cuyonon at Cagayanon kidlat sa Tagbanua, linti sa Calamian, kuldap sa Agutaynon at kudlap sa Batak. Sa huli ay malinaw na isa lamang ang pinanggalingan ng salita. Mula sa kidlat ng Tagalog at Tagbanua ay nagkaroon ng pagkaltas sa Cuyonon kung kayat ito ay naging kilat (nawala ang d ng kidlat). Nang ito ay maging kuldap sa Agutaynon, nagkaroon ng pagpapalit ng i upang maging u, gayon din, nagpalit ang d at l, at ang huling tunog na t ng d. Nang ito ay maging kuldap sa Agutaynon, nagkaroon naman ng pagpapalit ng ponemang l at d upang maging kudlap ng Batak. Nakatutuwang pag-aralan ang mga pagbabagong naganap.

Bilang isa pang halimbawa, ang ambon ay tariti sa Cuyonon. Ito ay taliktik sa Cagayanon at darikdik sa Tagbanua.



Kung Cuyonon at Tagalog lamang ang paghahambingin, marami ring magkakaugat na maitatala. Kabilang ang mga sumusunod:

<u>Tagalog</u>	<u>Cuyonon</u>
dalaga	daraga /daraga'/
ilong	irong /'irun/
balita	barita /barita'/
palay	paray /paray'/
libo	ribo /ribu'/
dala	dara /dara'/
malapit	marapit /marapit'/

Sa mga halimbawang nasa itaas, ang /l/ ay nagiging /r/ sa Cuyonon. Sa mga salitang may /h/ sa unang posisyon naman, nawawala ito sa Cuyonon tulad ng halik at haligi na <sup>arig</sup>arek /'arak/ at arigi /'arigi'/.

2. May tunog na /ə/ o 'schwa' sa mga wikang katutubo.

<u>Cuyonon</u>	<u>Calamian</u>
inem /'inəm/ 'inom'	teted 'langoy'
geret /gəret/ 'gilit'	tanem 'tanim'
kereng /kəreŋ/ 'kulot'	kereng 'kulot'
beteng /betəŋ/ 'hila o buko'	keten 'usap'
<u>Cagayanon</u>	<u>Palawan</u>
dakep 'huli'	elen 'bili'
laket 'halo'	e 'oo'
arek 'kiss'	tayeg 'galing sa'
laktek 'likas'	binle 'hati'

#### Agutaynon

dep 'huli'  
keykey 'ubong walang patid'  
imes 'ayos'  
bedbed 'tahi'

Halimbawang pangungusap sa Agutaynon:

Nagpakerenget ang molang nakake'deng.  
'Nagpakulot ang batang nakatayo.'

Ang oo nga pala ay een /'ə'an/ sa Cuyonon, ee /'ə'əh/ sa Calamian at Tagbanua at e /'ə'/ o /' h/ Palawan at Cagayanon.

3. Kapansin.pansin ang pagkakaroon ng impit na tunog sa gitnang posisyon sa mga salita.

Halimbawa:

<u>Cagayano</u> - bag'o 'katatapos'	<u>Tagbanua</u>
<u>Palawan</u> - po'po 'pitas'	wa'wa 'bata'
<u>Cuyonon</u> - ta'leb 'takip	la'ga 'laga'
o'bong 'taas'	po'po 'pitas'
te' lek 'hipo'	ba'go 'katatapos'

Tagbanua: Limna'ga y wa'wa't mays. 'Inilaga ng bata ang mai  
mais.'  
Kimna'en ako it mays. 'Kumain ako ng mais.'



4. Katulad ng Tagalog, ang mga pandiwa ay maaaring magbagong anyo upang ipakita ang tatlong aspekto:perpektibo, imperpektibo at kontemplatibo. Ang mga wikang katutubo ay may kanya-kanya ring paraan ng pagpapakita ng katatapos at katatapos-na-katatapos na perpektibo. Halimabawa:

Agutaynon

nag-ampang (usap)  
pag-ampang  
mag-ampang

nambangon (bangon)  
pambangon  
mambangon

nag-initeg (sigaw)  
pag-initeg  
mag-initeg

Cagayanon

gauyok (sipol)  
gauyok  
uyokan

gabogtaw (gising)  
gabogtaw  
mabogtaw

patiro (suntok)  
patiro  
tiroon

Tagbanua

nagrunding (usap)  
magrunding  
rurunding

timiyubag (sagot)  
magtubag  
kutubag

nanggera (sigaw)  
manggera  
kugera/gumera

Palawan

nagkasit (ngiti)  
pagkasit  
magkasit

nagsurat (sulat)  
pagsurat  
magsurat

nagbisita (bisita)  
pagbisita  
magbisita

Calamian

nang-inem (inom)  
pang-inem  
mang-inem

mamangan (kain)  
pagpangan  
mamangan

binotaran (suntok)  
habotaran  
botaran

Cuyonon

~~nag~~pakon (punta)  
~~nag~~apakon  
~~mag~~pakon

ingbeel (kuha)  
ingbebeel  
bebeelen

nadora (wala)  
nadodora  
madodora

Katatapos na Perpektibo:

Agutaynon: Ba'long pisan - Kakakain  
Cagayanon: Bag'o nga gapalit - kabibili  
Calamian: Kaaalang ilem -Kabibili lang  
Cuyonon: Kakakaen - kakakain

Katatapos-na-katatapos na Perpektibo

Agutaynon : Ba'long pisan namangan - kakakaing-kakakain  
Cagayanon: Bag'o na bag'o gapalit o palit - kabibiling-  
kabibili  
Calamian: Kaalang-alang ilem - kabibiling kabibili lang  
Cuyonon: Kakakaeng-kakakaen - kakakaing-kakakain



5. Ang ayos ng mga pangungusap sa mga wikang katutubo ay paksa + panaguri at panaguri + paksa. Ang makadiwang panaguring may dalawa o higit pang pangngalan bilang komplimento ay walang tiyak na ayos. Maaaring magkapalit-palit ang ayos nito nang hindi nawala ang kahulugan. Bilang karagdagan, katulad ng Tagalog, alinmang pariralang pangngalan na ibig gawing paksa ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pagbabago ng panlaping makadiwang ikakabit sa salitang ugat ng pandiwa.

Mga halimbawang pangungusap sa iba't ibang wika:

Tagbanua: 'Bumili ang bata ng tinapay sa bayan para kay Lola.'

Aktor Fokus

Perpektibo - Nangalang y wa'wa it tinapay kat lansangan para  
ki apo kagabi'i.

Imperpektibo - Magpangalang "

Kontemplatibo - Mangalang "

Layon Fokus

P - Inalang y tinapay it wa'wa kat lansangan para ki apo kagabi'i.

I - Inaalang " kayti (ngayon)

K - Aalangen " dedelem (bukas)

Lokatibong Fokus

P - Inalangan y Rengel Store it tinapay.

I - Pag-alangan "

K - Aalangan "

Benepaktibong Fokus

P - Inalangan y apo it tinapay.

I - Pag-alangan "

K - Aalangan "

Instrumental Fokus

P - Ipangalang it wa'wa y allowance.

I - Ipinangangalan "

K - Ipang-aalang "

Katatapos na Perpektibo: Ba8go akong nangalang it tinapay.  
Katatapos-na-katatapos na Perpektibo - Ba8gong ba'gong akong  
nangalang it tinapay.

Agutaynon

Aktor Fokus

P - Namakal ang mola tang tinapay ong lansangan para ni Lola  
tongapon.

I - Pamakal " mandian (ngayon)

K - Namakal " ongdamal (bukas)

Layon Fokus

P - Binakal ang tinapay tang mola para ni Lola tongapon.

I - Agbakalen

K - Bakalen

Lokatibong Fokus

P - Binakalan ang Rengel Store tang mola tang tinapay.

I - Pinamakalan "

K - Bakalan "



Benepektibong Pokus

P - Binakalan si Lola tang tinapay tang mola.  
I - Agbakalan       "  
K - Bakalan         "

Instrumental Pokus

P - Ipihamakal ang 'allowance' tang mola tang tinapay.  
I - Agpamakal       "  
K - Ipangbakal       "

Katatapos na Perpektibo - Ba'long namakal  
Katatapos na katatapos na Perpektibo - Ba'long pisang namakal

Cagayanonon

Aktor Pokus

P - Gapalit bata tinapay sa sintro para ki Lola kabii.  
I - Gapalit       "       sondoni (kahapon)  
K - Malit         "       kisyem (bukas)

Layon Pokus

P - Papalit tinapay bata sa sintro para ki Lola.  
I - Papalit       "  
K - Ipalit         "

Lokatibong Pokus

P - Pinalitan Rengel Store tinapay para ki Lola.  
I - Pinalitan       "  
K - Papalitan       "

Instrumental Pokus

P - Ipinagpalit/Iponamalit ang allowance tinapay.  
I - Ipinangpalit       "  
K - Ipapalit           "



✓ Palawan

Aktor Pokus

P - Mangelen yagang bangbang du't bonbon bagay ki apo kagapon.  
I - Mangelen " tiban (ngayon)  
K - Mangelen " diklem (bukas)

Layon Pokus

P - Inelen't yagang bangbang du't bonbon.  
I - Elnen "  
K - Elnan "

Lokatibo/Benepaktibong Pokus

P - Inelnan't yagang opo nye't bangbang kagapon.  
I - Elnan "  
K - Elnan "

Instrumental Pokus

P - Ineln't yagang sin yet bangbang Allowance.  
I - Ielen "  
K - Ielen "

6. Sa Cuyonon, binibigkas nang mabilis ang mga salita, maliban sa kung ang salita ay may impit na tunog sa gitnang posisyon ng mga salita. Halimbawa:

Salitang nagtatapos sa patinig:

tio /tyu/ 'aso'	bata /bata/ 'bata'
loa /lwa/ 'labas'	apo /'apu/ 'apo'
boi /bwi/ 'buhay'	baso /basu/ 'baso'
tao /tau/ 'tao'	ori /'uri/ 'last'
dai /dai/ 'nco'	rangga /ranga/ 'sira'

daraga /daraga/ 'dalaga  
barita /barita/ 'balita'  
parinti /parinti/ pinsan'  
ritrata /ritratu/ litrato  
sinsilio /sinsilyu/ 'barya'

Mga Salitang Nagtatapos sa Katinig

balay /balay/ 'bahay'	lamisan /lamisan/ 'mesa'
nanay /nanay/ 'nanay'	karawat /karawat/ 'laruan'
tatay /tatay/ 'tatay'	salamat /salamat/ 'salamat'
malam /malam/ 'matanda'	dalegdeg /dalgdag/ 'kulog'
paray /paray/ 'palay'	katombal /katumbal/ 'sili'



## Impluwensiya ng mga Katutubong Wika Sa Filipino

Dahil sa rami ng katutubong wika at mga wikang di-katutubo na ginagamit sa Palawan, ang pinakalingua-franca doon ay Tagalog lalo na sa sentro. Ito ang nagsisilbing talastasan ng lalong maraming mamamayan. Kapag nakikipag-usap ang isang bata o matanda man lalo na sa di-kakilala, upang makatiyak ng komunikasyon o pagkaka-unawaan, Tagalog ang siyang ginagamit, bagaman, ang uri ng wikang ito ay may bahid ng unang wika ng nagsasalita. Kung ang nagsasalita ay Cuyonon, ang Tagalog ay maaaring himig o puntong Cuyonon. Gayundin kung isang Bisaya. Maliban sa punto, maaaring may ilan-ilang talasalitaang hango rin sa kanyang unang wika, o may halo pang kaunting Inggles. Ito ang uri ng wika na siyang ginagamit sa pakikipagtalastasan.

Sa mga naibigay na mga halimbawa sa naunang mga pahayag, kapuna-puna ang kawalan ng gitlaping -um- sa mga katutubong wika. Maraming makadiwang salitang Tagalog na nangangailangan ng -um-. Sa Palawan, sa halip ha -um-, nag, naga at maga ang madalas gamitin ng mga bata't matanda, kung kayat madalas na sabihing ...


<u>Nagkain na ako</u>	para sa	Kumain na ako.	
<u>Nagakain pa ako</u>	"	Kumakain pa ako.	
<u>Magakain ako</u>	"	Kakain ako.	at
nagbili	para sa bumili,	nag-inom	para sa uminon
nagabili	" bumibili	nagainom	" umiinom
magabili	" bibili	magainom	" iinom

Sa kasalukuyan, ito ay iwinawasto ng mga guro sa Filipino. Ang hindi ko masabi ay kung darating ang panahon na ang mga iwinawastong ito ay maging bahagi ng Filipino sa hinaharap at tanggapin bilang tama; ambag ng mga wikang katutubo sa nilililang na wikang Filipino. Ang mga mamamayan ang huhusga. Ang gamit ng isang salita o talasalitaan ay nasa gumagamit. Nasa kanya ang buhay, kung ito ay magiging bahagi ng wika sapagkat lumulutang at tinatangkilik ng mga tao.

Kapansin-pansin din sa lugar na sa mga salitang hindi dapat lagyan ng -um- ay nilalagyan nila tulad ng ...

Sumaing na ako para sa Nagsaing na ako., at marami pang iba.







ANG MGA WIKANG FILIPINO AT ANG KAUNLARANG PAMBANSA\*

ni  
Greg Laconsay  
Liwayway Publishing, Inc.

\*Para sa Ikalawang Philippine Linguistics Congress ng Department of Linguistics and Asian Languages, U.P., Hunyo 4, 1980

---

Mga Kamag-aral sa Wika:

MALAKING karangalan para sa akin na maanyayahang magsalita sa natatanping katipunang ito ng mga lingguista.

Nang hilingin sa akin ni Dr. Ernesto Constantino na magsalita ako sa inyo, labis akong nagalala. Di nga kasi, ako'y Ilokano na bagamat nagsusulat sa tatlong wika ay hindi naman lingguista. Simple lang ang aking pamamili ng wika at baka hindi makatugon sa mataas na pamantayan ng katipunang ito.

Ang paglalakas-loob ko'y dala ng aking pagmamahal sa wika.

ITI MENSAHE ni Pangulong Marcos sa minsang pagdiriwang ng Linggo ng Wika, sinabi niya na ang wika ay "mahalagang sangkap upang mabigkis ng pagkakaisa, kapatiran at pagkakaunawaan ang isang lahi." Nguni't malungkot niyang pinuna na "sa kabila ng katotohanang maluwat na tayong nagsasariling bansa, mayroon pa tayong Linggo ng Wika taun-taon."<sup>1</sup>

Binigyan ko ng diin ang mga huling talata sapagkat tunay na kalungkot-lungkot ang ganitong kalagayan. Sa lahat ng malalayang bansa sa daigdig, tayo lang yata ang nagdiriwang pa ng Linggo ng Wika.

Sana, mabigyan ito ng pansin sa pagdarao ninyo ng Ikalawang Philippine Linguistics Congress sa pagtutulungan ng Philippine Linguistics Circle ken ti Department ng Linggwistiks at mga Wika sa Asya ng U.P.

Ayon dito sa sulat-imbitasyon sa akin, itinakdang talakayin ko ang "naging papel ng mga pag-aaral ng mga wika sa Pilipinas, lalo ng wikang pambansa, sa pambansang kaunlaran."

Mga Pag-aaral

ANONG pag-aaral ng mga wika ang tinutukoy dito?

Maaaring namamali ako, o nahuhuli ako sa mga balitang lingguistika. Ang alam ko sa bagay na ito ay kanya-kanyang mga pag-aaral, at hindi puspusang pagsusuri ng isang opisyal na lupon upang makapagharap sa sambayanang Filipino ng pinag-isang pag-aaral para sa wika.

Totoo, may opisyal na lupon na dapat magsagawa ng mga pag-aaral na ito. Iyan ang Surian ng Wikang Pambansa. Nguni't kapansin-pansin ang pagkiling nito sa katutubong wika ng katagalugan.



May mga nabasa na rin akong pag-aaral sa mga wika ng Departamento ng Linggwistiks ng U.P. sa pamumuno ni Dr. Ernesto Constantino. Malaki na ang nagagawa nila sa wika na kaugnay ng literatura.

Hindi nahuhuli ang Summer Institute of Linguistics, lalo ang pagsasalin ng Biblia sa iba't ibang wika na madaling maunawaan ng masa.

May ambag na rin sa wika ang Linguistic Society of the Philippines. Maging ang departamento ng lingguistika ng Philippine Normal College. At may indibidwal na pag-aaral sa wika ng mga eskolar dito at sa ibang bansa para sa kani-kaniyang thesis.

- 1 -

wika 2

Nguni't karamihan sa mga pag-aaral na ito ay paghahambing lamang. Contrastive analysis. Mga paghahambing ng Tagalog at Ingles. Paghahambing ng Tagalog at iba pang mga katutubong wika sa Filipinas.<sup>2</sup>

Paghahambing. Kanya-kanya. Magkakahiwalay na pag-aaral na katulad ng mga islang bumubuo sa ating kapuluan. Na sa halip magbuklod ay nagpapalawak pa sa rehyonalismo.

Ang pagkakanya-kanyang iyan marahil ang nagtulak kina Labor Minister Blas Ople at Assemblyman Emmanuel Pelaez na maghain ng panukalang batas sa Batasang Pambansa na naglalayong magtatag ng Institute of Philippine Linguistics.<sup>3</sup> Layunin ng lupong ito na paunlarin, payamanin at ituro ang iba't ibang katutubong wika lalo na sa nakatatass na antas ng karunungan. Nakakatulad nito ang mungkahi noon ni Gerry Lacuesta na Academia ng Wikang Pilipino, o ng Academia ng mga Wika na iminungkahi ng aming samahang GUMIL Filipinas (Gunglo dagiti Mannurat nga Ilokano iti Filipinas) nang parangalan ni Presidente Marcos ang mga manunulat na Ilokano noong 1968.

Matagal pa bago mapagtibay ang 1935 Constitution, noon pa mang 1915, nagtatag sina Lope K. Santos at Severino Reyes ng samahang tinawag nilang Akadenya ng Wikang Pilipino na naglalayong payamanin "ang Tagalog sa pamamagitan ng panghihiram ng mga salita mula sa ibang mga wika ng Pilipinas."<sup>5</sup>

Nakalilito ang mga pagkakanya-kanyang ito. Hindi tuloy malaman ng taong-bayan kung anong uri ng Pilipino/Filipino mayroon tayo. Kung ang Pilipino nina Araneta at Del Rosario; o ang Pilipino (ngayo'y Filipino) ng U.P.; o ang Pilipino (Filipino?) ni Lacuesta; o Pilipino ng Maynila; o Pilipino ng Surian ng Wikang Pambansa; o Purong Pilipino.<sup>6</sup>

Narinig ko minsan ang bugtungan ng ilang mga batang naglalaro. Ang tanong ng isa: "Ano ang pagkakaiba ng Pilipino sa Tagalog?" Nang walang makasagot at nagsirit ang isa, sinagot niya ang kanyang tanong: "Ang Pilipino ay Komiks, at ang Tagalog ay Klasiks."

Mga Kamag-aral sa Wika:

Huwag natin pabayaang maging komiks ang wikang pambansa. Sa halip, gawin natin ito na kumakatawan sa buong bansang Pilipino, bumubuklod sa mga magkakababayan buhat sa Norte hanggang Sur, maglalarawan sa kabuuan ng kanilang kultura at magpapahayag ng kanilang pagkapilipino.



## Sulyap sa Kasaysayan

APATNAPUNG TAON. Ganyan na katagal ang mga pag-aaral natin sa wika. Nguni't kakarampot ang ating nagawa? Nagising lamang tayong lahat nang maghalo ang balat at tinalupan sa Kombensiyon Konstitusyonal noon 1972 nang pagtalakayan ang ukol sa wika.

Unang binansagan ang Wikang Pambansa bilang Filipino National Language matapos pagtibayin ang 1935 Constitution. Noong 1936, nilikha ng Commonwealth Act 184 ang Institute of National Language, at ito ang pumili sa Tagalog na batayan ng wikang pambansa noong Nobyembre 1937. Pinagtibay ni Presidente Quezon ito noong Disyembre 30 nang taon ding iyon. Sa araw ng kalayaan, Hulyo 4, 1946, isa na ang Tagalog sa tatlong lengguaheng opisyal ng Filipinas; ang dalawa pa ay Ingles at Kastila.

Noong Agosto 13, 1959, itinagubilin ng noon ay Sekretaryo ng Edukasyon Jose E. Romero na "Pilipino" ang pangalan ng wikang pambansa.

Ten years later, noong Hunyo 1969, itinagubilin ng noon ay Sekretaryo ng Edukasyon Onofre D. Corpuz na ituro ang Tagalog bilang wikang pambansa sa lahat ng pribado at publikong eskuwela primarya.

MULA sa taong iyon, mabilis na lumaganap ang wikang pambansa. Dinam-pot ito ng mga estudyante, ng mga manggagawa, ng mga rebelde at biglang lumakas ang kanilang sigaw.

"Makibaka!" "Tbagsak!" "Tuta!" "Rebolusyon!" "Reporma!"

Dumating ang Kombensiyon Konstitusyonal. Nag-ulol ang pagtatalo ukol sa wika. Naging personal ang atakehan. Saka lang natigil ang balitaktakan nang magpahayag si Presidente Marcos noong Agosto 1973 na ang "ating wikang pambansa ay Pilipino o Filipino, at dapat nating gawin ang lahat ng ating magagawa upang mapaunlad ito sa pamamagitan ng puspusan at malawakang paggamit nito."

Isang taon pagkaraan niyon, noong Hunyo 1974, itinagubilin ng noon ay Sekretaryo ng Edukasyon at Kultura Juan L. Manuel na bilinggualismo ang panturo mula Grade 1 hanggang kolehiyo. Na ang ibig sabihin, Pilipino at Ingles ang panturo, at gagamitin lamang ang pangrehiyong wika kung kina-kailangan.

Sa panahon ng martial law, pinulot natin ang Pilipino/Filipino ng mga demonstrador at sinabi natin: "Sa ikauunlad ng bayan, disiplina ang kaila-ngan." Ang reporma ng masa ay ginawa nating "reporma sa lupa." At nilikha natin ang "Bagong Lipunan." Ang "demokrasyang barangay," "Kabataang Barangay," ang "lungsod silangan."

Iyan ay upang mabuo ang "isang bansa, isang diwa."

Pilipino lahat iyan, di ba? Pilipino. Para sa lahat. Naintindihan ng lahat. Buhat sa Norte hanggang Sur. At nagkakamagawaan tayo.

Iyan, sa palagay ko, ang isa sa pinakamagandang ibinunga ng inyong mga pag-aaral sa wika, ng mga nakaraan ninyong atakehan sa wika.



## Pati mga Manunulat

Nguni't hindi sapat na magbuklod ang wika, hindi sapat na magpaunlad sa isang bansa. Bagamat kailangan natin ang wika, hindi ito ang lahat na sa sambayanang pagkakaisa.

Mahalaga ring may pambansang literatura na binubuo ng pamanang kultura at literatura ng sangkailian (sambayan) Filipino.

Hanggang kamakailan, ang sinasabi nilang 'literaturang Filipino' na pinagaaralan ng mga eskuwela ay dili iba't 'panitikang Tagalog.' Florante at Laura ni Balagtas. Banaag at Sikat ni Santos. Parnasang Tagalog ni Abdilla. Bato sa Katedral ni Pineda. Tesaurong Filipino-Ingles ni Panganiban. Maikling Kuwentong Tagalog ni Agoncillo. English-Tagalog Dictionary ni Father English. At iba pa.

Ang kultura ba ng ibang rehiyon, na natitipon sa kanilang sariling literatura, ay hindi masasabing bahagi ng ating cultural and literary heritage?

### Mga Kamag-aral sa Wika:

NAKALULUNGKOT nguni't totoong tinatawaran ng maraming nagsusulat sa Tagalog ang nasyonalismo ng mga nagsusulat sa ibang wika. Lumitaw nang husto ito sa mga mainitang balitaktakan ukol sa wika sa nakaraang Kombensiyon Konstitusyonal. Sa sesyon mismo ng Kon-Kon. Sa radyo. Sa mga diyaryo at magasin. Hindi raw makapilipino ang Filipino ng nagsusulat sa ibang wika na hindi Filipino.

Nasaktan ang mga sumusulat sa Ingles at mga wikang di-Tagalog. Tumutol sila. Hindi nila tinatanggap na ang nasyonalismo, o paskapilipino, ay nai-papahayag "sa wikang Filipino lamang, lalo na kung ang wikang ito'y walang iba kundi ang inang wika ng mga Tagalog."

Mayroon pang mga guro sa Filipino na nagsabing ang kadakilaan ng mga bayani at ng nakalipas nakasaysayan, maging ang kasalukuyang kalagayan, ay "lalong tumitimo sa isipan at damdamin ng mga estudyante" kung ituturo sa Filipino.<sup>8</sup>

Ang alin mang dekilang katha — kathang-isip man o kathang-kasaysayan — ay maaaring sulatin sa alin mang wika. Hindi natin sinisino kung sa aling wika sinulat ito. Basta dakila ang katha, hinahangaan natin. Sa Kastila sinulat ni Rizal ang Noli at Fili, di ba?

Kaugnay nito, kami sa Liwayway Publishing, Inc., ay naglalathala sa panahon sa LIWAYWAY ng mga isinatagalog na katha, o prize winning stories, ng mga manunula na Ilokano, Bisaya at Ilonggo.

Sa pagbuo ng wikang Filipino, kinakailangang isalang natin ang iba't ibang kultura ng ating mga mamamayan. Kailangang tulungan nating umunlad ang ibang mga wika, sa halip na sakalin.<sup>9</sup> Hindi lalawak ang ating daigdig kung mananatili ang kakaramputan ng ating wika.

Bahagi sila ng ating national cultural heritage. Ang pamanang kultura natin ay hindi sa kulturang Tagalog lamang matatagpuan. Ganyan din ang ating literary heritage, hindi ito ang literaturang Tagalog lamang. "Manapa, ang mga pamanang ito ay ang kabuuan ng kultura ng lahat ng grupong etniko at lahat ng uri ng Filipino."<sup>10</sup>



### Mga Pagsasalin

Bahagi ng kaunlarang pambansa ang pagsasalin sa mga kinatha sa iba't ibang katutubong wika. Ginagawa na ito ng mga teatro, maging sa pelikula. Ilang pamantasan ang may proyektong ganito.

Dito'y U.P., alam kong isinasapilipino na ang mga literatura ng mga katutubong manunulat. Nais nilang bumuo ng isang matatawag na literaturang Filipino. "At sapagkat ang salinang wika ay binubuo at pinayayaman ng mga sangkap na galing sa iba't ibang wika natin, dapat itong tawaging 'wikang Filipino.' Ang ating pambansang literatura at pambansang wika ay tulay at simbolo ng ating paglisa."<sup>11</sup>

Mas Malawakan ang pagsasalin ng Panitia Bahasa Indonesia (Institute for the Indonesian Language. May mahigit na 250 iba't ibang wika ang Indonesia; ang Filipinas ay may 87 dialekto lamang. Sa isang lecture ni O Daulat P. Sihombing ng Indonesian Embassy noong 1972, sinabi niya na nagsasalin sila buhat sa mga banyagang katha "so that the Indonesian people carry over the achievements of the world, whether these achievements are English, American, Italian, French, Chinese, Japanese or even Russian origin."<sup>12</sup>

Sa U.P. pa rin, inilabas kamakailan lamang ang unang isyu ng ARAMID: Literary Wallnews ng U.P. Creative Writing Center na pinamatnugutan ni Mr. Alex Hufana. Inilathala rito ang mga katha ng iba't ibang manunulat sa iba't ibang wika, katulad ng Ingles, Tagalog, Iluko, Bisaya, at iba pa.

Sa panig ng Cultural Center of the Philippines, inilabas nito idi napan a tawen ang unang volume ng LAHI, ang Philippine Multi-Lingual Creative Writing Journal, sa pamamatnugot pa rin ni Mr. Hufana. Sa aklat na ito, mababasa ang mga katha ng iba't ibang manunulat sa kani-kaniyang sariling wika. Sabi ni Mr. Hufana sa kanyang introduksiyon: "Necessity conjured the presence of LAHI."

Necessity.

Pangangailangan.

Hindi ba isang pangangailangan, para sa wika, ang pagbuo ng isang cultural and literary heritage ng sambayanang Filipino?



Ang Tagalog  
At mga Katutubong Wika

May walong pangunahing wika sa Filipinas, at batay sa 42,070,600 populasyon natin na naitala ng National Census and Statistics Office noong 1975, tinatayang 24.4% rito ang nagsasalita ng Sebuano, 23.8% ng Tagalog, 11.1% ng Iloko, 10% ng Ilonggo of Hiligaynon, 7% ng Bicol, 4.6% ng Samar-Leyte o Waray, 3.4% ng Pampango, 1.4% ng Maranao, at 1.2% ng Maguindanao, at mga 10.7% ng iba pang mga wika sa Filipinas.

Hinihinalang hindi na totoo ang mga porsiyentong iyan ngayon. Kung noong 1970 ay tinatayang mahigit na animampung porsiyento ng mga Filipino ang nakagagamit na ng Filipino, ang hula ngayon, 10 years later at habang ginagawa ang sensus 1980, ay mahigit nang walumpung porsiyento ang mga mamamayan na gumagamit ng Filipino.

At karamihan daw sa porsiyentong iyan ay mga kabataan.

May katotohanan ito, sa aming palagay.

Una, itinuturo na nga ang Filipino sa lahat ng grado sa eskuelahan.

Ikalawa, lahat halos ay nanggugod ng mga palabas sa sinehan, sa telebisyon, at nakikinig sa mga radyo. Sa mga national hook-up sa telebisyon at radyo, Filipino ang ginagamit na salita.

Sa amin dito sa LPI, may kakatwa karing karanasan na nagpapatunay sa paglaganap ng wikang pambansa. Sa ilang bayan sa Isabela at Cagayan, mas malaki pa ang sirkulasyon ng aming LIWAYWAY kaysa aming BANAWAG; at sa Davao at Cotabato, mas malaki ang sirkulasyon ng LIWAYWAY kaysa BISAYA.

Ang literacy rate natin ay sinasabing pinakamataas sa buong Asya. Kung ang pagbabatayan natin ay ang sirkulasyon ng mga babasahing Filipino, lalo ng mga komiks, kahanga-hanga ito.

Tingnan ninyo ang survey ng KPPKP (o Kapisanan ng mga Publisista at Patnugot ng Komiks Magasin sa Filipinas). May 45 titulo ng komiks sa survey noong 1976. Ang kabuuang sirkulasyon ay dalawang milyon (2,000,000). Tinatayang anim na katao ang magpapasa-pasa sa bawat isang kopya. Kung gayon, aabot sa 12 milyon ang mambabasa. Idagdag na rito ang tinatayang apat na milyon mambabasa na bumabayad ng diyes o bainta ng bawat komiks sa tindahan.

Maliwanag namay 16 milyon ang readership ng mga komiks lamang! 13

Isa sa bawat tatlong Filipino ang bumabasa ng komiks.

Hindi pa kasama rito ang mga mambabasa ng ibang mga magasin, katulad ng Liwayway.



Bagamat sinasabing magkakamag-anak ang ating mga wika, marami pa ang dapat gawin upang umunlad ang wikang pambansa at ang ating bansa.

Ayon kay Direktor Ponciano B.P. Pineda ng Surian ng Wikang Pambansa, ang bokabularyo ng wikang Pilipino ay binubuo ng mga salita at pariralang Tagalog, Malayo (3,500), intsik (1,500), Kastila (5,000), Ingles (1,500 -- kasama yao lamang mga salitang matatag na sa leksikon ng wika), at iba pang mga wikang katutubo gaya ng Sebwano, Bikol, Ilokano, Pangasinan, Hiligaynon, Samar-Leyte, Kapampangan, Tausog, Kinaray-a, atb. x x x At salig sa 1,000 salitang batayan (basic words) sa Tagalog, ang wikang Pilipino'y may pagkakahambing (cognate) na 48.2% sa Sebwano, 46.6% sa Hiligaynon, 41.3% sa Samar-Leyte, 59.6% sa Kapampangan, 39.5% sa Bikol, 31.1% sa Ilokano, 34% sa Kinaray-a, 30% sa Tausug, at 29.6% sa Pangasinan. 14

Isa pang mananaliksik sa wika, si Deputy Director Fe Aldave Yap ng Surian, ang nagbigay naman ng ilang lexical items buhat sa iba't ibang wika na ginagamit na sa talasalitaan ng wikang pambansa. 15 Ilang halimbawa:

ILUKO: saliyot, pakbet, papait, dinengdeng

MUSLIM: sultan, datu, hadyi

BISAYA: bana, inday, dudong, hinay-hinay

MALAYO: mata, dulang, payong, timbang, kambing, langit

CHINESE: tse, pansit, madyong, susi, bakya, lolo

SPANISH: maestro, presidente, silya, barbekyu, gitara

ENGLISH: titser, miting, basket, boksing, tenis

JAPANESE: apa, kimono, karate, sukiyaki, harakiri

LATIN: altar, sermon, album, data

GREEK: diploma, helikopter, telepono

HEBREW: amen, rabi, satanas, Sabado

ITALIAN: makaroni, ispageti, opera, piyano, proto

FRENCH: bodabil, kabaret, poltri, prinsipe, prinsesa

GERMAN: hamburger, semester, seminar

DUTCH: boss, yate, komando

MEXICAN: kabayo, piso

INDIAN: mokasin, wigwam, kaukus

AFRICAN: bandyo

RUSSIAN: isputnik, sobyet, kosmonot, bodka

HINDUSTANI: padyama, siyampu, guro, bandana

ARABIC: alkchol, algebra, aprikot, kendi, magasin



## Para sa Kaunlaran

Mga Kamag-aral sa Wika:

ANUMAN ang maging hubog ng wikang pambansa na mabubuo natin, Filipino man o Pilipino, ito'y atin.

At para sa atin.

Hindi totoong hindi tinatanggap ng ibang rehiyon ang tinatawag nating Pilipino/Pilipino sa ngayon; ang hindi nila matanggap ay ang paraan ng pagpapalaganap rito. Sa kabilang dako, dama nila ang pagbabantulot ng ilang kinaukulan na tanggapin naman ang malaambag ng ibang mga wika sa kaunlaran ng wikang pambansa.

Tiyak na nabasa ninyo sa mga pahayagan noong isang taon ang pagkastingo ni Presidente Marcos sa mga di-Tagalog na assemblymen sa Batasang Pambansa, nang hilingin ng mga ito na magsalita ang mga Tagalog na assemblymen sa Ingles.

Sinabi ng Pangulo: "Kung may mga kagawad ng Batasan na hindi nakauunawa sa wikang Pilipino, panahon na upang mag-aral sila."

Nguni't idinugtong niya na dapat isaingles naman ang mga Tagalog na assemblymen ang kanilang talumpati upang maintindihan ng mga assemblymen na di-Tagalog.

Magandang tagumpay iyon ng mga Tagalog, hindi lang ng mga assemblymen na Tagalog kundi lahat ng katagalugan. Nguni't doon sila nahalata. Ika nga ng mga Tagalog na rin ngayon: "buking" sila. Hanggang ngayon, minamaliit pa rin nila ang pamimilipino ng mga di-Tagalog.

Para sa wika, at sa pambansang pagkakaisa, hindi dapat umiral ang ganyang attitude, lalo pa naman sa Batasang Pambansa.

Ang dapat sana nating gawin buhat ngayon ay magsagawa ng isang puspusan, malawakan at nagkakaisang pag-aaral ng ating mga wika. Sa panahong ito na nakaamba ang mabibigat na krisis hindi lamang sa ating bansa kundi sa buong daigdig, baka ang bukas ay mahuli na.

Ngayon na tayo dapat gumawa,

Naalaala ko pa ang limang batang naglalaro sa karsada sa tapat ng aming bahay. Ang dalawang mas malaki ay gumawa ng bilog na guhit, o circle, at dito sila naglalaro. Ayaw nilang isali ang tatlong mas maliliit na kalaro.

Maya-maya, gumawa ang tatlo ng malaking bilog na guhit at sinakop nila ang dalawang batang nasa maliit na bilog.

Mga Kamag-aral sa Wika:

KUNG ang mga nagmamaramot sa wikang pambansa — na ang isang pangkat ay binubuo ng ilang makarehyong damdamin na ayaw tumanggap ng Filipino/Pilipino, at ang isa pang pangkat ay binubuo naman ng makatagalog na damdamin na ayaw tumanggap ng malaambag ng ibang pangrehyong wika sa wikang pambansa — ay nasa maliit na kabilugan, bakit hindi tayo gumawa ng mas malaking kabilugan at ipag-sama natin sila sa puspusang pagpapaulad ng wikang pambansa?

Dios ti agnina. Maraming salamat. — X



Mga Pinagkunan

1. Marcos, Presidente Ferdinand E., Pahatid-Bati, Linggo ng Wika, 1976
2. CUBAR, Nelly I., Mga Pananaliksik Tungkol sa Wikang Tagalog Paskaraan ng Digmaang Pandaigdig II, General Education Journal, Blg. 19-20, U.P. Quezon City 1970-71.
3. Bilingualism Policy Review Urged, Newsreport, Daily Express, April 21, 1980, p. 3
4. The Editors, Reform the National Language, KATAS magazine, October 1966, pp. 10-11
5. Del Mundo, Ofelia Ll., Mga Pagpupunyaging Pangwika at si Quezon, art., Linggo ng Wika 1978
6. Perez, Alejandro Q., Isang Mungkahi Kung Papaano Malalaman ang Istandard na Pilipino Bilang Modelo ng Wikang Pambansa, Pilipino o Pilipino?, Apendiks G, 1974.
7. Constantino, Ernesto; Sicat, Rogelio, Ang Pagbuo ng Pambansang Literatura ng Pilipinas, U.P., Quezon City 1974, pp. 7-8
8. Mangahas, Rogelio D., Eksperimento sa Pilipino sa U.E., art., Pilipino magasin, Agosto 19, 1970
9. Editorial, Graphic magazine, September 1, 1971
10. Yabes, Leopoldo Y., For English Now!, art., Philippines Free Press, May 22, 1971
11. Constantino, Ernesto; Sicat, Rogelio, Ang Pagbuo ng Pambansang Literatura ng Pilipinas, Mga Bagong Babasahin sa Pambansang Wika at Literatura, U.P., 1974, p. 43
12. Sihombing, O. Daulat P., Language Policy and Education of Indonesia, lecture before the Association of Professors and Teachers of Pilipino, May 27, 1972
13. Komiks: A Medium for Development, PCF Media Service 1980
14. Pineda, Ponciano B.P., Puna at Mungkahi sa Panukalang Pangwika ng Korbension Konstitusyonal, Manila 1972
15. Yap, Fe Aldave, The Sounds of Pilipino: A Descriptive Analysis, INL, Manila 1970



# LANGUAGE, CULTURE, AND PERSONALITY

Dr. Prospero R. Covar  
Professor of Anthropology and Associate Dean  
Division of Social Science  
University of the Philippines

## Introduction

Reflected in the life of every Filipino is the influence of Philippine culture through which are set his basic biological, psychological, and social needs. In this context, any expression of Philippine culture is instrumental in the gratification of basic biological, psychological, and social needs. However, we have yet to delineate what cultural expression is associated with specific biological, psychological and social needs. To the Filipino social scientists, therefore, this statement of research intention would require a lot of imagination and methodological innovation.

## The Filipino Child A Balanghai to be Filled-up

As soon as a baby is born, he is no more than flesh and bone. He is no different from his cousin in the animal kingdom. I hope this anthropological stance does not hurt your religious sensibilities. Man is an organism. Like his animal cousins he is subjected to natural processes such as natural selection, mutation, speciation and adaptation. At birth, he has the potentiality to become like his parents. In the process of growing up, he has to learn a lot of things. He is a balanghai to be filled-up. Language is the medium through which the filling-up recess is accomplished.

In brief, anthropologists consider man as a biological organism as well as culture-bearing individual.

## Language is Learned

As you very well know, language is learned. It is cultural. It has become a part of us to the extent that we seem to feel that it is genetically determined. If it were so, we would be no different from apes and monkeys. True, they have a communication system but it is not considered a true language, based on a number of criteria such as: duality of patterning, semanticity arbitrariness, productivity, and displacement, to mention only a few.

The communication system of creatures other than man is genetically determined. Even if the parrot of Palawan is trained to make utterances and it is capable of learning a large threshold of sentences, I seriously doubt if it could transmit his knowledge to its offsprings. Transmissibility is important in language performance.



## Bits and Pieces of Language

Right at an early age, we learn the ABC's of language, its bits and pieces. First, a baby utters babbling sounds. A sound per se does not have any meaning. This is the initial stage in learning a language, another language for that matter.

Some of you may have occasions to deal with individuals who do not speak your own language or who talk to each other in a language different from yours. You can be easily irritated. You may go to the extent of even branding them as bastos simply because you do not understand what they are talking about. It may be that their intonation is very different from yours and you hear the stream of sounds as harsh. This explains why in general Tagalogs do not hear Ilocano language as soothing music to their ears. Different perception of sound is a common irritant among Tagalogs and Ilocanos.

In any event, a child has to master the sound system of his language. The sound units of a language may range from 15 to 45. Tagalog has 26 including glotal stop. In learning a sound system he may start with [pa] or [ba] or any other sound in the phonemic system. The child learns his initial sound from his intimate associates. It should be remembered that a child is not like a dog who can bark at the instance of its birth. In the case of the dog, its sound system is genetic. It is a naturally built-in part of itself. The dog cannot help it. Even if you do not teach a dog how to bark, it will bark. In the case of the human beings, if you do not teach him how to utter certain sounds, he will be unable to communicate.

### Distinguishing Sound Units

A baby learns the sounds of a language through the principle of contrast. He distinguishes between [p] and [b]; [t] and [d]; and [k] and [g]. They are bilabial, alveolar, and velar respectively. The members of each pair contrast in voicing. The utterance of a sound is precise. For instance, our /p/ is different from the American /p'/. Ours is unaspirated. The Spanish /r/ is different from our /r/. These examples tend to show that we tend to use only the sounds admissible to our language. To deviate from the system is easily detectable.

I remember, when I was still in college, I unconsciously learned the way my friend spoke Tagalog with the American aspiration. One time, I went home to the province for a vacation. My mother scolded me for not speaking Tagalog properly. Precisely, there is an appropriate way of speaking a language. My English is Filipino English, not American English. American English is not the Queen's English.

### Putting Together Sound Units

After the initial babbling sounds, a child learns to classify the sounds. Then he puts them together to form words. In putting sounds together he follows certain patterns. There are sounds which are placed in the beginning, middle or end of a word. Certain sounds can be put together in sequence. Others are not admissible. We transcribe



sounds into symbols technically known as orthography. In India /bh/ can be used in the beginning of words; in Africa /mb/ is very common. We seldom find these in the beginning of our words, unless we adopt them as loan words. Indeed, there are definite rules concerning the distribution of sounds.

### Imposition of Meaning

Later, a child learns that by putting sounds to form words, he can attach certain meaning to them. For instance, /d/, /o/, /g/ means a four legged canine. There is nothing "doglike" in d-o-g just as there is nothing "fatherlike" in d-a-d-d-y. This goes to show that meaning is arbitrary. Meaning is imposed by people. People assigned a specific meaning to certain combination of sounds. The sound and meaning are invented and subsequently learned. They have historical roots. They are handed down from generation to generation.

### Syntactic Structure

Just as we follow certain rules when putting sounds to form words, we also follow certain rules when combining words to form phrases and sentences in Tagalog, we say "lumilipad ang ibon." Usually, this sentence is translated as "the bird is flying". The Tagalog sentence emphasizes "lumilipad" or action. The English translation emphasizes the "bird" the actor. Technically, these rules are called correct usage or grammar. Oftentimes, the speaker of a language does not know consciously the rules of grammar yet he speaks his own language correctly according to the rule unique to his own language.

### Social Grammar

The study of language indicates that everyone speaks or writes according to a set of rules. Analogously, the rule of grammar can extend to other areas of social life. The rules governing social life may as well be considered social grammar.

In the study of a language, we learn to distinguish sound units. We put them together to form words. We combine words to form phrases. We assign functions to words and combine them to construct sentences. All those operations amount to one thing, that is, we are able to communicate effectively by classifying the world around us. We reduce objects, ideas, and relationships into symbols to make them handy. We chop the world around us into bits and pieces and then we arrange them according to certain patterns or codes. We behave according to these patterns or codes. Our behavior is evaluated either appropriately or inappropriately. Our proficiency in culture requires proficiency in language.

### Tagalog Age and Sex Categories

Among the Tagalogs, we classify individuals according to age



and sex categories. We tend to make a contrast between bata and matanda. Who discriminate between binatilyo/dalagita; and binata/dalaga. Accordingly, if a Tagalog does not behave appropriately, he is branded either as "para kang bata" or "para kang matanda." This goes to show that we have to act out our age appropriately.

There are three principles that are built-into any classification, namely: (1) principle of identity, (2) principle of inclusion, and (3) principle of exclusion. We parcel out our world in terms of what is, what belongs, and what does not belong. We segregate items according to the rules of combination. This procedure makes learning much easier. We learn things and ideas in association rather than singly.

#### [Demonstration of classification, Matrix, and Conservation]

### Social Organization

In the area of social organization, we classify our relationship with other people. Again, we are guided by certain rules and procedures. In the Filipino Tagalog family, for instance, we distinguish between mag-asawa; magkakapatid; magulang at mga anak. We lump individuals according to generations such as pinsang buo, kalawa, katlo. We group in-laws in terms of manugang, biyenang, balae and bilas. We develop special terms of address and reference for each of them. The members of the sambahayan interact with each other according to the rules of kinship; conjugal, consanguineal, affinal and ritual. In like manner, we behave in our pamayanan and sambayanan according to the internal rules and regulations.

Through the institution of sambahayan, pamayanan and sambayanan, the basic biological, psychological, and social needs of the Filipino are met. Certainly, we do not relate to these structures identically because we perceive them differently according to our biological and psychocultural constitutions. The proceeding of these components produces mazeway within everyone of us the outcome of which is a unique Filipino personality or katauhang Filipino.

### Decision-making Pattern

The katauhang Tagalog can be reified into matters concerning decision-making. The Tagalogs partition their responses to questions involving yes/no answers in an interesting way. The yes/no domain of the Tagalog includes the following.

oo	'yes'
tiyak	'definitely,' 'certainly'
sigurado	'surely'
malamang	'probably'
siguro	'maybe'
baka	'maybe'
titingnan	'I'll see'
bahala na	'come what may'
maalaman	'you will know'
aywan	'don't know'
hindi	'no'



57 R. Covar

These twelve linguistic signals can be divided and reduced conveniently into five segments. They are:

Segment I - Definite Yes

oo	'yes'
tiyak	'certainly'
sigurado	'surely'

Segment II - Indefinite Yes

siguro	'maybe'
malamang	'maybe'
marahil	'maybe'
baka	'maybe'

Segment III - Indecision

bahala na	'come what may'
maalaman	'you'll know'
titingnan	'I'll see'

Segment IV - Indefinite No

aywan	'don't know'
-------	--------------

Segment V - Definite No

hindi	'no'
-------	------

Explanation of Segmentation and Partitioning  
of Tagalog Yes/No Domain

Segment I - Definite Yes is divided into three partition. Oo 'yes' is alter's answer to ego's question wherein alter has decided positively on a protracted transaction. Let me illustrate:

Ego's question : Are you going to school this semester?

Alter's answer : Yes

However, there are instances wherein oo 'yes' is used by alter to convey a different meaning. An oo accented on the last syllable and lengthened means that alter is "hesitating." Alter's hesitating yes may be conditioned by three considerations, namely: (1) alter's previous commitments or other things which could take precedence over the transaction being preferred by ego, for instance, going to a movie, (2) importance of the transaction preferred by ego over and above other commitments that alter anticipates, and (3) ego's status relative to alter, "nakakahiya sa nagtatanong".

The importance of the preferred transaction is evaluated usually relative to ego and alter's weighing of each other's social status. In all instances where "hesitating yes" is given, alter is almost always forced by alter to make an immediate decision.



If ego realizes that alter has responded with an oo, he may ask alter to make a definite commitment such as:

Ego's follow up question : Are you really going to school this semester?

Alter's confirming answer : Tiyak 'definitely' or Sigurado 'surely'

Segment II - Indefinite Yes is sub-partitioned into four. Although no definite commitment is conveyed to ego, alter is more likely to make the transaction asked of him by ego. In all these categories (malamang, marahil, siguro, and baka) the disposition of alter and the importance of the transaction are skewed positively to consummating a transaction. The loading of the variables mentioned earlier is expected to vary.

Malamang 'probably' is more positively skewed than marahil and siguro. Baka is less positively skewed than marahil and siguro. There is a likelihood of consummating the act.

Segment III - Indecision is distributed about the middle of the yes/no continuum. Alter's decision over ego's preferred transaction is characterized by a "dangling judgment." Somehow, definite such as decision is held in abeyance. The variables indicated previously such as: (1) commitment, (2) transaction, and (3) status are seemingly in a state of flux. The mix of these variables may skew the direction of the decision, either positively or negatively.

In resolving an indecision, bahala na "come what may" has more information load. For instance, alter is faced with uncertainty. Yet an indecision on his part is no longer tolerable. Therefore, alter is propelled to act without any further delay. He can no longer afford to assess the situation where he will be in. At the moment of decision to act, alter may utter bahala na, at this point the outcome of the transaction is left solely to chance. Once the transaction is processed, alter is left no choice but be resigned to it. In contrast, malamang and titingnan give alter an opportunity, no matter how little, to assess his position and still prejudge the probable outcome.

Titingnan 'I'll see' does not commit alter to any transaction. However, he creates an impression that he shall act favorably. On the other hand, maalaman, 'You'll know' puts alter suspended in the air. He shall know alter's decision at the moment he makes or unmakes the transaction.

Sometimes, bahala na, titingnan, and maalaman are used simply as a polite way of saying no, especially if alter does not want to disappoint ego. If ego interprets correctly alter's signal, ego may take comfort if alter resolves positively the transaction. Otherwise, it does not make any difference at all.

Segment IV - Indefinite No indicated by aywan or eewan 'don't know' signifies a blocking out of information. An impasse over the resolution of the transaction has been reached. It does not tell whether alter is making any effort at all to resolve the preferred transaction.



Segment V - Definite No or 'hindi' means that the conditions (transaction and social status valuation) on which a decision shall have been made are all negatively skewed. Both oo and hindi convey definiteness. They contrast however in the valuation of commitment and transaction. In oo, previous commitment is negative whereas transaction is positive. In hindi, previous commitment takes precedence over a preferred transaction.

In brief, the decision-making pattern of the Filipino carries an information load consisting of: (1) consideration of previous commitment, (2) importance of the transaction being preferred, and (3) social status valuation of ego and alter.

### The Genius of the Filipino

Philippine society and culture including its many languages is certainly an ingenious invention of our people. Our many dialects, distinctive age/sex categories, highly ordered kinship and community relations, and intricate pattern of decision-making, to highlight only a few, represent the creative genius of the Filipino people. They are instrumental mechanisms through which the basic biological, psychological, and social needs of every Filipino are gratified.

In this changing world of ours, the Filipinos will continuously evolve linguistic structures to replace those which no longer serve them. The elements of the rich Filipino cultural heritage shall be combined and recombined to form new cultural wholes. The maze-way of the individual Filipino (how he perceives the world around him) shall not be found wanting - - the genius of the Filipino will always prevail.

#####



## Abstrak ng

### PAG-AANALAYS NG MGA WIKA SA PILIPINAS

Ernesto Constantino

Ang lektyur ay tungkol sa pag-aanalays ng mga wika sa Pilipinas, lalo na sa sintaks. Sinimulan ang pag-aaral ng mga wikang ito ng mga prayleng Kastila noong 1565, at ang kanilang analisis sa mga wika ay sumunod sa tradisyunal na analisis ng Kastila at Latin, maliban lang siguro sa ilang bagay, gaya ng analisis nila sa mga "particula" ng verbo at sa tatlong pasib. Huminto ang pag-aaral ng mga Kastila nang sakupin ng mga Amerikano ang Pilipinas noong 1898. Noong panahon ng mga Amerikano, ang nag-aral sa mga wika natin ay mga Pilipino, Amerikano at iba pang taga-ibang bansa. Sa mga Pilipino, nakilala sina M. Paglinawan, R. Ignacio, L. K. Santos, at C. Lopez. Sina L. Bloomfield at F. R. Blake naman ang nakilala sa mga Amerikano. Marami ring ginawang pag-aaral sina M. Vanoverbergh na Belgian at O. J. Scheerer na Aleman. Ang mga analisis sa sintaks ng mga wika natin na ginawa noong panahon ng mga Amerikano ay sumunod pa rin sa tradisyunal na analisis ng mga Kastila, maliban sa mga ginawang analisis ni Bloomfield at ni Lopez. Ang tradisyunal na analisis at ang tinawag na "Bloomfieldian analysis" ay nagpatuloy pagkatapos ng digmaan. Pagkaraan ng ilang taon, ginamit na rin ang "tagmemic analysis", "transformational analysis", at "case grammar analysis". Ikinokompara sa lektyur ang analisis ng mga "grammatical models" na ito at ng department ng Linggwistiks sa U. P. tungkol sa mga besik na sentens ng mga wika natin lalo na ang mga uri ng mga sentens na ito, sabjek at predikeyt, ang mga "case markers", at ang tinatawag na "subject-ivalization" o "topicalization". Sa huling parte ng lektyur, dinidiskas ang pag-aaral ng mga Pilipino sa mga wika natin, at ang layunin at dapat na maging layunin ng linggwistiks at ng mga linggwist na Pilipino sa Pilipinas.



...The common name for sentences showing constructions of two parts is predication. In a predication, the more object-like component is called the subject, the other part the predicate.

Tagalog has five types of predication, with this common feature: either the subject precedes and a particle /əj/ (after vowels /j/) intervenes, or the reverse order is used with the particle.

There is, first, an equational type: /ən 'bata j mebe'it/ 'the child is good,' or, with inverse order, /mebe'it ən 'bata?/ 'good (is) the child.' Then there are four narrative types, in which the predicates are transient words, which denote things in four different relations to an action. The four types of transient words are:

actor: /pumutol/ 'one who cut'

goal: /pinutol/ 'something cut'

instrument: /ipinutol/ 'something cut with'

place: /pinutulan/ 'something cut on or from'.

These transient words are by no means confined, like our verbs, to predicative position; they can figure equally well, for instance, in equational sentences, as: /ən pumutol əy si hwen/ 'the one who did the cutting was John,' but in the predicate position they produce four types of narrative predication:

actor-action: /sja j pumutol nəŋ kahuj

goal-action: /pinutol nje ən kahuj


instrument-action: /ipinutol nje ən guluk/

place-action: /pinutulan nje ən kahuj/



1. Kakain nang mangga / ang beta.
2. Kekenin nang beta / ang mangga.
3. Ang beta / ang kakain nang mangga.
4. Ang mangga / ang kekenin nang beta.
5. Beta / ang kakain nang mangga.
6. Mangga / ang kekenin nang beta.
7. Maganda ang dalaga.
8. Estudyante ang dalaga.
9. Bilhin mo ito.
10. Ibigay mo ito sa kanya.
11. Buksan mo ang kahon.
12. Palitan mo siya-g dulse.
13. Ibili mo siya ng kendi.
14. Bilhan mo siya ng kendi.
15. Isoli mo ang libro ko.
16. Ibili mo ako ng libro.
17. Isublim ta librook.
18. Igatengannak ti libro.
19. Nagmamahal sa dalaga ang binata.
20. Minamahal ng binata ang dalaga.
21. Sumagot sa propesor ang istudyante.
22. Sinagot ng istudyante ang propesor.
23. Sumagot ng "yes sir" sa propesor ang istudyante.
24. Sinagot ng istudyante ng "yes sir" ang propesor.
25. "Yes sir" ang isinagot ng istudyante sa propesor.







# PAGPAPPLANO NG WIKA UKOL SA PAMBANSANG PAGSULONG

Ni Ponciano B. P. Pineda  
Surian ng Wikang Pambansa

(Panayam na binigkas noong 5 Hunyo 1980 sa Ikalawang Kongreso ng Linggwistika sa Pilipinas (2-6 Hunyo, 1980) na itinaguyod ng Kagawaran ng Linggwistiks at mga Wika sa Asya, Kolehiyo ng Agham at Sining, Pamantasan ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon. Ginanap sa Bulwagang Pulungan ng Faculty Center).

Ang terminolohiyang 'language planning' (LP) ay unang ginamit ni Haugen noong 1959. Una rito, noong 1953, ang pagsisikap ni Aasen na makalikha ng bagong wikang Norwegian ay tinagurian ng ekspresyong metapormal na 'linguistic revolt'. At lalo pang una kaysa rito ang mga katawagan sa Czech na ginamit ng Prague School noong mga '30.

Ang terminolohiyang ito ay nagsimulang maging popular sa mga descriptibista sa Pilipinas nito lamang huling yugto ng dekada ng mga '70. Gayunman, ang katotohanang ito'y hindi nangangahulugang walang pagpapalano ng wika sa Pilipinas kailan man.

Kung susuriin natin ang Batas ng Komonwelt Bldg. 184, ang batas na lumikha sa Surian ng Wikang Pambansa (SWP) at nagtekda ng mga tungkulin at kapanagutan nito, mapagsisino ang hugis ng planong naangkop sa patakarang pangwika -- ang pagpili ng isang umiiral na katutubong wika na mapagbabatayan ng lilingang wikang pambansa (WP). Ito'y nilinaw noong Mayo, 1937 ni Mahistrado Norberto Romualdez, ang ama ng Batas ng WP. Ang sabi niya:

The three factors in the formation of the Greek national language are present in our actual case: firstly, the necessity of a national language; secondly, official support; and thirdly, the possibility of finding a native dialect which is sufficiently developed and which will satisfy the exigencies of a national tongue.

THE EXECUTION OF THE PLAN IS PLACED MAINLY IN THE HANDS OF THE INSTITUTE CREATED BY LAW AS THE TECHNICAL BODY...

THE WORK OF THE INSTITUTE COMPRISES THREE STEPS: PREPARATION, DEVELOPMENT AND SUPERVISION AS OUTLINED IN THE NATIONAL LANGUAGE ACT NO. 184.

N.B.: Emphasis ours

Para sa layunin ng pagtalakay na ito ang tatlong terminolohiyang sinalunguhitan ay tinutumbasan namin ng Paghahanda, Paglililang/Pagpapalano, Pamamanihala, ayon sa pagkakasunud-sunod. Ang tipolohiya ng pagpapasiyang ito sa sulirang pangwika na inilathad ni Romualdez, na tatagurian nating Modelo ng SWP, ay may ganitong representasyong grapiko:




Fig. 1  
Tipolohiya ng Pagpapasiyang-Pangwika  
ng SWP



Ang tipolohiya ni Haugen, 1966, ay ganito:

	Initiation	Implementation
Linguistic form	1. Selection of norm	2. Codification of norm
Linguistics function	3. Elaboration of function	4. Acceptance by intended population

fig. 2  
Tipolohiya ng Pagpapasiyang Pangwika  
ni Haugen

Ang mga aytem 1. at 2. sa tipolohiya ni Haugen ay napapaloob sa Paghahanda ng SWP; ang 3. ay sa Paglililang/Pagpapalunlad; at ang 4. ay isa sa mga komponent ng Pamamanihala.

Lalong malapit sa iskima ni Jernudd ang modelo ng SWP. Ganito ang representasyong grapiko ng tipolohiya ng pagpapasiyang pangwika ni Jernudd, 1971:




Fig. 3  
Tipolohiya ng Pagpapasiyang Pangwika  
ni Jernudd

Tungkol sa kinalabasang mga unanghakbang sa implementasyong ng plano, narito ang pahayag noong Disyembre 30, 1939 ng kauna-unahang Direktor ng SWP, si Jayme C. de Veyra:

Tagalog has been elected (it has been taken) at the language-type, the language-nucleus, the language-axis, the language-soul...

Proceed to put on particles and words. go on adding and mounting up more terms, and although the purpose has been originally to cast various materials over the forge in order therefrom to fashion a new product, of distinct purity and splendor, the basal element, the sediment, the seed, the leaven what you will become manifest at the surface, it develops, it permeates everything. And the outcome? The Tagalog language embellished with all the jewelry of her sister-languages -- the princess invested and adorned by her own handmaidens...

... This is a case of the conqueror herself conquered...

Ang pangalawa (Paglililang/Paghahanda) at pangatlo (Pamamanihala) sa tungko ng tipolohiya ng SWP ay alinsabay sa pagpapairal kung mamalasin sa obhetibong pananaw ng isang sayantist ng wika. Sa patnubay ng ganitong plano ang WP ay umiipaw nang napakatayog hanggang sa ito'yinambalang Pilipino (PP).



Ang tagumpay ng PP ay nakasalalay sa sistematikong implementasyon sa sistema ng edukasyon, at sa pangangasiwang pambayan sa loob ng humigit-kumulang sa apatnapu't isang (41) taon, i.e., mula nang ideklarang Tagalog ang batayan ng WP noong Disyembre 31, 1939.

Ang kalagayang ito'y naligalig nang maratipikahan ang Saligang-Batas (SB) ng 1972. At sa layunin ng bahaging ito ng pagtalakay, sisipiin ko ang mga pertinenteng probisyon ng Karta:

Sek. 3 (2) Ang Pambansang Asambleya ay dapat gumawa ng hakbang tungo sa pagpapaunlad at pormal na adopsiyon ng panlahat na wikang pambansa na makikilalang Filipino.

(3) Hangga't walang ibang itinatadhana ang batas, English at Filipino ang dapat na mga wikang opisyal.

NB.: Amin ang empasis.

Sa dahilan na ang IP na bahagi ng sosyolinggwistiks ay kaugnay ng mga realidad na sosyetal, hindi kalabisang humanap ng kalutasan, sa layuning pamalagian o pansamantala man, sa awtoridad legal. Sa isang bahagi ng Opinyon 73-7 ng Kalihim (Minister ngayon) ng Katarungan, sinabi niyang walang isinasaad ang SB na itinatakwil ang PP na wikang pambansa, bagaman itinatakda sa sub-talataan (2) ang paglililang ng isang wikang pambansa na tatawaging Filipino (FP). Malinaw at walang alinlangang opisyal ang PP. Bukod dito, ang SB mismo ay nasusulat at ipinahayag sa PP at Ingles.

Sa pagkilalang konstitusyonal na opisyal ang PP, ito'y tumibay nang higit pa sa kalagayan nito bago sinulat ang tadhana pangwika sa bagong SB. Ang patakarang pambansa ay malinaw: Magsagawa ng mga hakbangin para sa pagbuo ng FP habang patuloy na gagamitin ang PP hindi lamang ng pamahalaan kundi ng bansa. Walang ano man sa batas na nagbabawal sa alin mang sektor ng lipunang pribado sa paggamit ng opisyal na PP.

Makatwiran ngayong itanong: ano bang talaga ang problemang dapat isaalang-alang sa pagpapalano ng wika sa yugtong ito ng ating kasaysayan?

Sa aming pag-aaral, ang suliranin ay kung anong uri ng WPP — hindi FP — ang dapat gamitin sa mga paaralan, sa pamahalaan, sa lipunan, sa midya, atb. Sinikap naming tugunin ang katanungan sa liwanag ng aming simulain na ang FP ay transpormasyon ng PP, viz.: P F. Hindi dapat magkaroon ng salungatan, o ng dikotomi: WP vs. Wika ng pamahalaan (WPh). Sa tingin ay agad nang nakalalamang ang huli sapagkat ito ngayon ang behikulong nag-uugnay sa pamahalaan sa isang dako at sa mga mamamayan (ang 'nagbabangong maralita' sa lengguwahe ng Pangulo) sa kabilang dako naman.

Ang henesis ng aming plano ay nag-uugat sa pananalig na hanapin ang isang puntong maaaring mapagkasunduan. Ito'y ang uri ng PP na dapat isailalim ng paglililang/kultibasyon para sa ibubungang FP, ang wikang konseptuwal ng SB. Dahil dito'y nagsagawa kami ng isang pambansang pananaliksik noong taong-aralan 1978-1979.



Ang punong problema ay ito: Anong modelo ng Wikang Pilipino (PLM) ang kanais-nais sa lahat ng modelo ayon sa persipsiyon ng mga respondent mula sa iba't ibang larangan ng buhay sa Pilipinas nang taong-aralan 1978-1979? Ang mga sub-problema ay gaya ng sumusunod:

1) Anong mga PLM na ginagamit sa pakikipagtalastasan ng mga mamamayan sa kasalukuyan ang maaaring matiyak?

2) Anong PLM ang kanais-nais sa lahat ng modelo para sa pakikipagtalastasang pasalita at pasulat, sa mga kalagayang pormal at impormal.

3) Anong PLM ang kanais-nais sa lahat ng modelo na gamitin sa pagtuturo ng iba't ibang paksang-aralin?

pagpapalano ng wika ...

/pineda

/ 4

4) Anong mga hakbang/metod ang kanais-nais sa lahat ng hakbang/metod sa pagpapayaman at modernisasyon ng PP?

5) Ano ang pagkakatulad at/o pagkakaiba ng persepsiyon ng mga tinanong tungkol sa mg PLM?

(Sa ilalim nito'y ang iba pang mga kaugnay na katanungan sa iba't ibang pangkat ng mga taong tinanong, at gayundin ang mga baryabol).

Ang pamamaraan/metod na ginamit ay ang diskriptib metod ng pananaliksik. Sa tiyakan, ang sarbey metod.

Balangkas ng sampling at diskripsiyon ng mga sabdyek: Ang mga sabdyek ng pag-aaral ay kinuha sa iba't ibang pangkat sektoral upang mahugot ang mga representatibong idea at damdamin tungkol sa WP. Ginamit ang porposib sampol ng markatulado na alokasyon mula sa bawat grupong etniko. Animapung porsiyento (60%) ng mga sabdyek ang galing sa mga pangkat etniko na nagsasalita ng walong wikang mayoriya, at apatnapung porsiyento (40%) ang mula sa mga grupong etniko na nagsasalita ng mga wikang minority. Walundaan (800) ang grand total ng mga sabdyek.

Lugar: Ang mga tinanong sa pag-aaral ay pinag-ayaw-ayaw hindi lamang alinsunod sa gulang seks, edukasyon, naabot sa pag-aaral, hanapbuhay at pangkat etniko kundi sa termino rin ng lokasyong heographical.

(Hindi na namin iisa-isahin ang nilalaman ng Questionnaire-Checklist, at gayundin ang mga hakbang na sinunod bago isinaanyong pangwakas. Hindi na rin isinama rito ang prosidyr sa pangangalap ng datos. Wala ring banggit tungkol sa oryentasyon ng mga mananaliksik).

Kung ano ang ginawa sa datos. -- Para sa balidong interpretasyon ng datos, ginamit ang sumusunod na mga istatistikal teknik at metod: 1) frequency and percentage of distribution, 2) ranking, 3) Friedman's analysis of variance, at 4) Chi-square test.



## Mga Modelo ng Filipino

PLM<sub>1</sub>: Isang elektronik gadyet na inimbento ng isang Filipino na magsasaayos sa pagtulog ng mga taong hindi mapagkatulog ang malapit nang ipakilala sa publiko.

Ang elektronik gadyet na nginalanang 'Dormitron 922' ay may patente ng pamahalaan.

Ipinakikita sa mga pagsusuring klinikal ng 'Dormitron 922' na ang mga karamdamang insomniya, histirya, hindi mapalagay dahil sa labis na pag-iisip, alta presyon, pabagu-bagong tibok ng puso at hika ay mabisang tinatalaban ng elektronik terapi.

PIM<sub>2</sub>: Isang kagamitang-dagisik na tuklas-Filipino na magsasaayos sa pagtulog ng mga taong di-mapagkatulog ang ipakikilala sa madla.

Ang kagamitang-dagisik na kilala sa ngalang 'Dormitron 922' ay ikinuha ng karapatang-tuklas sa pamahalaan.

Ipinakikita ng mga panggamutang siyasat sa 'Dormitron 922' na ang mga kaso ng di-pagkatulog, pagkabaliw, humaling ng kaayusang dagandam, mataas na diin ng dugo, di-matatag na puso at hika ay tumutugong mabuti sa dagisikning pangagamot.

PLM<sub>3</sub>: Isang gadyet na elektronik na inimbent ng isang Filipino na magnormalays sa patern ng pagtulog ng mga taong nagsasaper sa mga disorder ng pagtulog ang di magtatagal at iyi-intrudyus sa publik.

Ang gadyet na elektronik na kinikilalang 'Dormitron 922' ay pinatent na ng government.

Ang gadyet na elektronik na kinikilalang 'Dormitron 922' ay nagpapalita na ang mga kaso ng insomniya, histirya, obsesyonal na neurosis, haypertensiyon, instabiliti na kardiyak at astma ay nagre-respond na mabuti sa terapi na elektronik.

PLM<sub>4</sub>: Metung na electronic gadyet nga ininvento ti usa a Filipino nga magapormal sang kinandaan nga panagturog ng mga tawo na nagsa-suffer sa aga makaugip ang saan a agbayag ket mo-introducir sa public.

Ang electronic gadyet na ginatawag na 'Dormitron 922' ay napatented na ng government.

Ang clinical findings ng 'Dormitron 922' ay manpapanengneng ya amay ang mga balatiang insomnia, hysteria, neurosis ya obsessional, alta presion, instability sa kasing-kasing ug hika ay rumdrespond na nalaing sa therapy na electronica.

PIM<sub>5</sub>: Isang Filipino-invented electronic gadget na magno-normalize sa sleeping pattern ng mga taong suffering from sleep disorders ang malapit nang i-introduce sa public.

Ang electronic gadget known as 'Dormitron 922' ay patented na ng government.

Ipinakikita ng clinical findings ng 'Dormitron 922' na ang cases of insomnia, hysteria, obsessional neurosis, hypertension, cardiac instability and asthma ay nagrerrespond well sa electronic therapy.



Narito ang rasyonal ng bawat isa sa limang PIM:

PIM<sub>1</sub> -- Ang ubod ng bokabularyo ng modelong ito ay Pilipino. Ginagamit sa sukdulang mapagagamitan ang mga katutubong leksikon nang di nakasasagabal sa daloy ng komunikasyong pasalita at pasulat. Humihiram sa mga sarili at dayuhang batis. Sa pangkalahatan, ang mga inangking talasalitaan ay isinusulat alinsunod sa sistema ng ortograpiyang Pilipino. Pinananatili ang orihinal na isapeling lakip ang progresibong paghihihigit.

PIM<sub>2</sub> -- Sinisikap ng modelong ito na dalisayin ang wika. Hangga't maaari'y itinatakwil nito ang lahat ng mga dayuhang elemento sa bokabularyo. Ang mga salitang ugat, pantig at/o mga tinilad na morp ay pinagkukumbinasyon upang magpahayag ng idea. Binubuhay na mag-uli at pinagpapanibagong-lakas ang mga salitang sinauna at lipas na. Ang pagpapaunlad at/o pagpapayaman ay nangangahulugan na ang wika'y kailangang hubaran ng mga impluhong dayuhan.

PIM<sub>3</sub> -- Ang nangingibabaw na bokabularyo ng modelong ito ay Ingles. Ang batayang simulain ay nanghahawakan sa gamit ng mga salita at pariralang Ingles na nalintindihan na ng mga nagsasalita ng Ingles, at hindi nararapat palitan ng kahit na mga katutubong leksikon. Sa pangkalahatan, mga pananda lamang sa Pilipino ang pinananatili. Ang mga elementong linggwistiko sa Ingles ay isinulat nang sang-ayon sa tradisyonal na ortograpiya ng Pilipino.

PIM<sub>4</sub> -- Ang rasyonal ng modelo ay ganito: Ang mga salita, kataga at anumang morp ng Ingles at Kastila pati na mga sangkap ng alin man at lahat ng katutubong wika ay kailangang gamitin nang malaya depende sa kagustuhan o prepre-rensiya ng gumagamit. Ang pagpapasok ng mga salita at parirala ay walang patumangga, at hindi sistematiko. Ang modelong ito'y may pretensiyon na ang wikang

panbansa ay amalgam ng mga katutubong wika sa lahat ng kaantasan ng pag-susuring linggwistiko, i.e., sa palatunungan, palabuan, palaugnayan at talasalitaan. Hinihingi sa modelo ang kaalaman ng lahat ng iba pang wika.

PIM<sub>5</sub> -- Nalalapit ang modelong ito sa inaambilan ng ilang pulutong ng 'Enggalog', na ang ibig sabihin ay higit na marami ang mga elementong linggwistiko sa Ingles kaysa sa Tagalog. Kaunting-kaunti lamang ang mga pananda ng Pilipino na ginagamit sa modelong ito. Ang ponolohiya at sintaks ng mga elemento ng Ingles ay pinananatili sa mga anyong pasalita at pasulat. Malinaw na Ingles ang batayang-wika ng modelong ito.

Ang limang PIM sa unahan ay napagsino ng mga respondent sa pag-aaral.

Ang kinalabasan. -- Ipinamamalas ng pag-aaral ang mga sumusunod:

1. PIM<sub>1</sub> ang modelong kanais-nais sa lahat para sa pakikipagtalastasan ayon sa 398 respondent ng pangkat ng wikang mayorya, na binubuo ng 82.92 porsiyento. Ang trend ng opinyon ay mahalaga (significant) tulad ng ipinakita ng computed chi-square value na 862.379. Bukod dito, ang computed chi-square value na 208.00 ay nagpamalas na mahalagang proporsiyon ng mga respondent sa pangkat ng wikang mayorya ang tumanggap ng buong-buo sa PIM. Sa panig ng pangkat ng wikang minorya, ang pinakamalaking pangkat ng mga respondent na bumibilang nang 335 o 73.44 porsiyento ay humilig sa gamit ng IM<sub>1</sub>.

2. Sa pangkalahatan, ang mga respondent mula sa mga grupo ng mga wikang mayorya at minorya ay pabor na gamitin ang PIM<sub>1</sub> sa pormal na talastasang pasalita tulad ng ipinakikita ng 458 respondent o 95.42 porsiyento; 343 o 71.46 porsiyento ang pabor sa PIM na gamitin sa impormal na talastasang pasalita. Mayroon ding 430 respondent o 89.58 porsiyento ng grupo ang pabor sa paggamit ng PIM<sub>1</sub> para sa pormal na talastasang pasulat; at 321 o 66.88 porsiyento para sa impormal na talastasang pasulat.



3. Ipinakita ng kinalabasan na ang  $PIM_1$  ay pinili ng malaking grupo na kanais-nais sa lahat ng PIM para sa pagtuturo ng araling panlipunan, agham panlipunan, edukasyong pangkatauhan, edukasyong panghanapbuhay, edukasyong pangkalusugan, at edukasyon sa pagpapalakas ng katawan. Kapansin-pansin ang pagbaba ng bilang ng mga respondent sa mga asignaturang likes na agham at sa matematika. Malaking grupo ng mga respondent ang pumili sa  $PIM_2$  na kanais-nais sa lahat ng modelo para sa pagtuturo ng matematika. Ito'y ipinakita ng 238 respondent o 49.58 porsiyento ng grupo. Ang computed chi-square value na 98.00 porsiyento ay nagpakita na ang mahalagang kinahahapayan ng opinyon ay nabuo para sa gamit ng  $PIM_1$  sa iba't ibang asignatura o mga kurso, matangi sa matematika. Sa panig ng mga grupo ng wikang minorya,  $PIM_1$  ang modelong kanais-nais sa lahat ng mga modelo.

4. Ang kanais-nais sa lahat ng mga hakbang/metod sa pagpapayaman at modernisasyon ng Pilipino ay ang Metod 3, na panghihiram sa mga nakakaimpluhong wikang dayuhan, May malaking grupo ring pumabor sa Metod 1 sa pagpapayaman at modernisasyon ng Pilipino.

(Hindi na inilakip dito ang resultado ng paghahambing ng persepsiyon ng mga respondent ayon sa iba't ibang baryabol).

Kongklusyon. - - Sa liwanag ng mga natuklasan, narito ang aming pangwakas na kurso

1. May iba't ibang PIM sa pagpapaunlad ng WP.
2. Para sa mga respondent,  $PIM_1$  ang kanais-nais sa lahat ng modelo. Ginagamit ng modelong ito bilang ubod ng talasalitaan ang bokabularyong Pilipino.
3.  $PIM_1$  ang kanais-nais sa lahat ng modelo para sa lahat ng anyo ng komunikasyon.
4. Ang pagpapayaman/modernisasyon ng Pilipino ay higit na maisasagana sa pamamagitan ng magkasanib na Metod 3, o panghihiram sa mga nakakaimpluhong wikang dayuhan, at Metod 1, o mahigpit na pamimili (rigorous selection) ng mga elementong leksikal sa katutubo o lokal na mga wika.



5. a. Di gaanong naiiba ang persepsiyon ng mga lalaki sa persepsiyon ng mga babae tungkol sa PIM na kanais-nais sa lahat para sa iba't ibang sitwasyon ng talas-tasan, at para sa pagtuturo ng iba't ibang asignatura o kurso.

b. Ang pagpili ng PIM na kanais-nais sa lahat ng modelo para sa talas-tasang pasalita at pasulat at para sa pagtuturo ng iba't ibang asignatura o kurso ay di tunay na naiimpluwensiyahan ng mga kwalipikasyong pang-edukasyon.

c. Wala ring napansin na barresyon ng mga tugon sa bahagi ng mga grupong agrikultural at di agrikultural.

d. Ang kwalipikasyong pang-edukasyon ay di mahalagang baryabol ng respondent na manaring naging dahilan ng mahalagang barresyon sa persepsiyon ng mga tugon.

Samakatuwid, sa liwanang ng mga natuklasan sa pag-aaral, ipinasiya namin ang ganito:

1. Ang kultibesyon ng wikang panlahat para sa mga mamamayan ay kailangang mag-simula sa nukleong PIM<sub>1</sub> na ang uhod na talasalitaan at kayarian ay Pilipino.

2. Ang PIM<sub>1</sub> ay dapat gamitin sa pagtuturo ng mga asignaturang araling panlipunan, edukasyong panggawain, atb., samantalang ang PIM<sub>5</sub> ay dapat gamitin sa pagtuturo ng likas na agham at sa matematika.

3. Ang pagpapayaman at modernisasyon ng Pilipino ay kailangang sa pamamagitan ng magkasanib na Metod 3 at Metod 1.

4. Ang mga materyales na pangkurikulum ay kailangang sulatin at ilathala sa wika ng PIM<sub>1</sub> na ginagamit sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon, at sa pagtuturo ng iba't ibang asignatura o kurso.

5. Ang PIM<sub>5</sub> ay dapat gamitin sa paghehanda ng mga materyales na pangkurikulum para sa pagtuturo ng matematika at mga likas na agham.

BATAY sa kalalahad na ebidensiyang empirikal, nilikha namin ang ganitong tipolchiya ng pagpapasiya tungkol sa kultibesyon ng wikang panlahat.



pagpapalano ng wikang ...

/pineda




Fig. 4  
Tipolohiya ng Kultibasyon ng  
Wikang Panlahat



Makikita sa kolumna A ang mga larangang sumasailalim ng pagpapalano (kolumna B). Ito ang mga aktibidad ng ahensiya, institusyon o grupong tagapagplano sa kaantasang makro. Ang kabuuan ng kultibasyon proses ay nahahati sa dalawang kategorya. Una, sa korpus ng wika; at pangalawa, sa larangan ng gamit ng wika. Sa ibabaw ng dalawang kategorisasyon ay iniluluklok namin ang retorika (hindi nakalakip sa iskima). Ito'y isang aspekto ng kultibasyon tritment na nag-uugnay sa dalawa: wika per se, at sitwasyon ng gamit. Ang totoo, sa proseso ng paggamit ng wika, ito'y nagkakaroon ng pagpapanibagong-ayos o adjustment na kailangang subaybayan ng ahensiya o pangkat na tagapagplano. At ito'y naisasagawa sa anyong feedback na kasangkapan ng ebalwasyon.

Sa panahong ito sa buhay ng wika bilang kasangkapang sosayetal nagkaroon ng kabuluhan ang pananaw na mahubuging katatagan (flexible stability). Kung pag-aaralang mataman, ito ang isang sukatan ng pagiging katanggap-tanggap at awtentiko ng pagsasakatuparan ng plano. Apropos, ito ang isang mahalagang komponent sa pagpapasulong ng wika na sadyang iningusan kung di man ganap na itinakwil ng istraktyural linggwistiks, at kahit na ng unang antas ng sosyolinggwistiks sa Pilipinas na di pa nakauusad mula sa kinababalahuang code switching, na hinahalay ng mga istrukturalistang nagsasasosyolinggwista ngayon. Sa ibang salita, may mga istrukturalistang lumululan sa imbulog ng LP gayong sa kaibuturan, sila'y tagapagwasiwas pa rin ng doktrinang 'Let your language alone' na pinesambul na ng post-structural linguistics nang nagtatapos ang mga dekada ng animnapu.

Sa paninging makro, ang kultibasyon ay sabay-sabay sa lahat ng kaantasan. Ito'y dapat sapagkat ang wikang ito na pinagbubuti (upang maging higit na komprehensibo, episyente, produktibo at matipuno) ay maging tunay na kasangkapan ng pambansang pagsulong. Sa ibang salita, ang wikang tinutukoy ay batis (resource). At hindi maaaring maging batis ang wikang konseptuwal lamang. Sa aming pormulasyon, ang isinasailalim ng pagpapalano'y isang buhay na wikang nangangailangan ng ibayong pagpapabuti (improvement) gaya ng nasabi na, upang higit na maging mabisang instrumento ng pagbabago. Mahalagang bigyang-diin dito na kailangang pagpunan ang mga kakulangan (inadequacies) ng wika, at gayundin ang mga kakulangan ng mga tagagamit ng wika.

Tingnan natin ang mga hakbangin sa 'paglikha' ng terminolohiya. Narito ang isang pansamantalang pormulasyon.

#### Leksikon

1. larangan ng pangangailangan
  - 1.1 teknikal
  - 1.2 karaniwan
    - 1.2.1 katutubo
    - 1.2.2 dayuhan
2. mga aspektong kaugnay
  - 2.1 balarila
    - 2.1.1 kayariang morpolohikal
      - 2.1.1.1 batayang salita
      - 2.1.1.2 anyong hango
  - 2.2 palatunugan
  - 2.3 palabigkasan
3. ortograpiya

